# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 69*

***''23 Kaya't kung inihahandog mo ang iyong hain sa dambana, at doo'y maalaala mo na ang iyong kapatid ay mayroong anomang laban sa iyo,'' (Mateo 5 :23 KJV)***

***''Kaya't kung inihahandog mo ang iyong hain sa dambana,"*** Dito ay may pananagutan tayo sa isa't isa sa harap ng Dios. Ang mga Judio ay inutusan ang mga nakagawa ng anumang pinsala sa kanilang kapwa, sa pamamagitan ng pagnanakaw sa kanila, upang magbigay ng kasiyahan bago nila dalhin ang kanilang hain ; ngunit dinala niya ang kanyang hain ng paglabag o hain ng handog, bago niya dalhin ang kanyang ninakaw, ay hindi tama; ngunit ang nagdadala ng kanyang hain ng paglabag o kasalanan, bago niya dalhin ang kanyang ninakaw ay hindi tama. Kaya kailangan nilang ipahayag ang kanilang mga kasalanan at itama ang mga bagay bago nila ihain sa Dios. Kaya't, sa parehong paraan kailangan nating ipahayag ang ating mga kasalanan at talikuran ang mga ito, itama ang mga pinsala bago tayo makapaghain sa Dios o bago natin gawin ang ating paglilingkod o ministerio.

Gayundin sa panahon ni Jesus ang mga Judiong guro, ang mga taong iyon ay kailangang ibalik ang kanilang ninakaw alinman sa may-ari o sa pari bago sila makapaghain ng kanilang handog na paglabag. Bakit sa mga pari ? Maaring hindi nila alam kung knino nila ninakaw ang mga ito o hindi magawang makita ang tao o hindi nila magawang kausapin siya. Ginamit dito ni Cristo ang aral na ito at pinalawak iyon sa lahat ng mga uri ng pagkakasala hindi lamang para sa pagnanakaw. Hindi binanggit ni Cristo ang handog ng paglabag o kasalanan, kundi malayang handog nang sinabi Niya ***''iyong hain''*** , bilang isang kusang loob na hain na ihahandog sa Dios ; at bilang isang taong naghahandog at dumating sa kanyang isip, na may nasaktan siyang tao sa pamamagitan ng alinmang pagkilos o sa pamamagitan ng anumang pagsaway na salita, gaya ng sinabi ni Cristo, ***''at doo'y maalaala mo na ang iyong kapatid ay mayroong anomang laban sa iyo'',*** o anumang bagay na sisingilin sa iyo; anumang makatarungang reklamo laban sa inyo; kung may kinuha ka sa kanya, hiniram mo sa kanya, naapektuhan mo siya sa materyal, kung may pinsala ka sa kanya, o binigyan mo siya ng anumang pagkakasala sa pagsasabi mo ng Raca sa kanya, o tinawag mo siyang ulol nang walang dahilan, kung gayon kailangan mong pumunta at itama ang mali mong ginawa.

Ang ating buhay at ministerio ay hindi katangap-tangap sa Dios kung sila'y nagsasagawa kapag tayo'y nasa pagkagalit, sa pagkapoot, pagkakaroon ng inggit o masamang hangarin, pagtsitsismis, paninira, paninirang puri, paghihiganti, sa kapaitan, at sa pamamagitan ng ibang mga kasalanan na nagawa natin laban sa iba. Ito ang mga kasalanan na hindi kalugod-lugod sa Dios. Kung mayroong tayong ganoong mga kasalanan sa ating mga puso at buhay, at nangingibabaw sa gayon walang kabuluhan mula sa ating paglilingkod o miniterio ang makapagpapalugod sa Kanya. Ang mga panalangin na gawa sa galit ay hindi katangap tangap sa Dios. Initusan ni Pablo si Timoteo na hindi niya gusto na ang mga tao ay manalangin sa kanilang galit. ***''Ibig ko ngang ang mga tao'y magsipanalangin sa bawa't dako, na iunat ang mga kamay na banal, na walang galit at pakikipagtalo." (1 Timoteo 2:8 KJV)*** Ang kawalan ng poot ay kawalan ng galit, masamang hangarin, o isang plano ng paghihiganti. Kapareho sa mababasa natin sa Isaias, ***''At pagka inyong iginagawad ang inyong mga kamay, aking ikukubli ang aking mga mata sa inyo: oo, pagka kayo'y nagsisidalangin ng marami, hindi ko kayo didinggin: ang inyong mga kamay ay puno ng dugo." (Isaias 1:15 KJV)*** Hindi didinggin ng Dios ang ating mga panalangin kapag hindi mabuti ang ating mga pag uugali patungo sa iba, o kapag may nagawa tayong masama o mali o pinsala laban sa iba.

***''24 Iwan mo roon sa harap ng dambana ang hain mo, at yumaon ka ng iyong lakad, makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at kung magkagayon ay magbalik ka at ihandog mo ang iyong hain." (Mateo 5:24 KJV)*** Pagibig, kaawang gawa, o pakikipagkasundo ay mas mabuti kaysa lahat ng mga handog na hain at mga sakripisyo. Itinagubilin ng Dios na makipagkasundo sa kapatid bago ihandog ang hain. Handang maghintay ang Dios para sa handog, kaysa ihandog ito habang tayo'y nasa ilalim ng kasalanan at nakapaloob sa isang pag aaway.

Mula dito mapagpapasyahan natin na dapat maingat na panatilihin ang Cristianong pagibig, at kapayapaan sa ating mga kapatid, at kung anumang oras ay may paglabag sa utos na nangyari, dapat nating paghirapan sa pakikipagkasundo, sa pagpapahayag ng atin mga kamalian, pagpapakumbaba ng ating sarili sa ating mga kapatid, pagmamakaawa sa kanilang pagpapatawad, at paggawa ng pagpapanumbalik, paghahandog ng kasiyahan para sa maling nagawa sa salita o gawa, alinsunod gaya ng likas na mga katangian ng bagay ay :

Bakit dapat nating gawin ito kaagad? Para sa dalawang mga dahilan:

1. Dahil, hanggang sa mangyari ito'y, tayo ay hindi karapat dapat na makipag ugnayan sa Dios sa pananalangin, sa mga banal na alintuntunin, sa paghuhugas ng mga paa at sa Huling hapunan ng Panginoon.

2. Hindi tayo karapat dapat na gumawa ng anumang ministerio.

***"Iwan mo roon sa harap ng dambana ang hain mo,"*** Bagaman hindi tayo karapat dapat para makipag ugnayan sa Dios, sa pagpapatuloy na pakikipag away sa isang kapatid, o para sa alinmang ibang kasalanan, ngunit hindi iyon maaaring maging dahilan para sa kapabayaan na iyon sa ating tungkulin. Marami ang nagbibigay ng dahilan bilang isang dahilan kung bakit hindi sila pumupunta sa simbahan o sa pakikipagkasundo o bakit hindi nila ginagawa ng anumang paglilingkod, o bakit hindi sila pumupunta sa ministério ng pananalangin, o bakit sila nagbibigay ng kanilang ikapu, ng kanilang mga handog o ng unang bunga, dahil sila'y nakikipag away sa ilang kapwa o nasa pakikipag away o may nagawa sa isang kapatid.

* Ngunit kaninong mali iyon? May kasalanan ba at kapag sila'y hindi pumunta sa simbahan o tumanggi na panatilihin ang kanilang pangako sa simbahan iyon ay magdodoble ng kanilang mga kasalanan. Ang isang kasalanan ay hindi kailanman makakapagpatawad ng isa pa, kundi makakapagdoble oa ng kasalanan. * Kailangan mong dalhin ang iyong handog, kailangan mong gawin ang iyong ministerio, kailangan mong manalangin, kailangan mong pumunta sa pakikipagkumonyon, kailangang dalhin mo ang iyong ikapu, handog at unang bunga, at kailangan mong ituwid ang ginawa mong mali sa iyong kapatid.

***"Iwan mo roon sa harap ng dambana ang hain mo,"*** Para sa mga Judio iyon ay madaling gawin, lalo na sa kanilang pambulikong kapistahan,, gaya ng paglampas, pentecoste, at kapistahan ng tabenakulo, kapag ang lahat ng mga Israelita ay pumunta at nagkita nang magkakasama iyon at magiging kanilang pagkakataon upang makipagtagpo: ***"at yumaon ka ng iyong lakad",*** as malao't madali na makakaya nila, ***"makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid,***; gamitin ang lahat ng pagkakataon upang makipagkasundo sa kanya ; pagkilala as kasalanan; hinigin ang kanyang pagpapatawad; tiyakin sa kanya na nais mong maging mabuti sa kanya, at hindi masama, ***"at kung magkagayon ay magbalik ka at ihandog mo ang iyong hain'',*** sa paglalagay nito sa dambana. Ipinakikita nito na ang mga gawa ng pagibig ay mas mabuti kaysa mga sakripisyo; at na ang mga hain na inihandog sa galit, at bagama't hindi nakipagkasundo sa iba, ay hindi katanggap-tanggap sa Diyos, at walang silbi.

Ipinaliwanag ng mga Judio na ang Araw ng Pagpapahid ay hindi patatawarin ng Dios ang mga paglabag sa pagitan ng tao at ng Dios, gaya ng kapag ang isa ay gumawa ng anumang bagay na iyon ay ipinagbabawal. Ngunit ang paglabag sa pagitan ng tao ng kanyang kapwa, gaya ng pananakit niya sa kanyang kapwa, o pagsumpa sa kanyang kapwa, o pagnanakaw mula sa kanya, pagsasabi sa kanya ng Raca, pagsasabi sa kanya ng ulol nang walang dahilan, o ang katulad, ay hindi kailanman patatawarin, hanggang ibigay niya sa kanyang kapwa ang kinuha niya sa kanya, at makipagkasundo sa kanya, at pagbutihin ang mga bagay at hangarin niya na patawarin siya.

Sa atin ngayon ito ay mas madali sa atin na makipagusap at puntahan ang nasaktan na kapatid dahil sa mas maayos na magpakukunan ng pakikipag ugnayan ngayon, email, whatsapp, go at meet, sa panahon ng pagkikita sa simbahan atbp.

Kung ikaw ang taong nasaktan, ang taong nagkasala sa iyo, at ikaw ang biktima ay dapat mong patawarin tulad ng itinuro sa atin ni Jesus; Kailangan mong iwasan na makagawa ng anumang pagkakasala laban sa kanila o anumang paghihiganti o pagganti, kundi upang patawarin sila at patawarin ang pinsala: ***"At kailan man kayo'y nangakatayong nagsisipanalangin, mangagpatawad kayo, kung mayroon kayong anomang laban sa kanino man; upang ang inyong Ama naman na nasa langit ay patawarin kayo ng inyong mga kasalanan." (Marcus 11:25 KJV)***

Tayo ay sumadaling manalangin na patawarin ang mga nanakit sa atin at nagkamali sa atin at hindi lumapit upang makipagkasundo at hindi lumapit upang pagbayaran sa atin ang ating mga nawala ________________________________. Patawarin, at hilingin sa Dios na bayaran ka sa mga nawala at gantimpalaan ka ng kapayapaan, bayaran ka ng nawala, pagpalain ka at patawarin ang iyong mga kasalanan.

Ngunit kung ang pakikipag away ay nagsimula sa iyong panig, at ang kamalian ay alinman ay nauna o pagkatapos sa iyong panig, sa gayo'y ang iyong kapatid o iba pang tao, may pakikipagtalo sa iyo, pumunta at makipagkasundo ka sa kanya bago ka maghandog ng iyong hain sa dambana. Dapat mong pasiyahin siya, Kailangan mong pumunta at kunin ang pagkukusa, ipakumbaba ang iyong sarili, at gawin para sa kapayapaan at pakikipagkasundo. Kung hind niya gusto, sa gayon ginawa mo man ang iyong bahagi at ikaw ay pumunta upang makipagkasundo sa kanya ngunit siya ay tumanggi. Sa gayon ikaw ay malinis sa harap ng Dios at wala na sa iyo ang kamalian, tapos pumaroon at ihandog ang iyong hain, at ito ay tatanggapin.

Maglaan tayo ngayon ng sandali ng panalangin upang gumawa ng isang hakbang upang iwasto ang maling ginawa natin. Gumawa tayo ng pangako sa harap ng Diyos na kumilos upang makipagkasundo sa partikular na taong iyon o isang kapatid __________________________.

***"26 Kayo'y mangagalit at huwag kayong mangakasala: huwag lumubog ang araw sa inyong galit:" (Epeso 4:26 KJV)*** Dapat huwag nating hayaang lumubog ang araw sa ating galit, dahil dapat tayong manalangin bago tayo matulog, iyon ang ating pang gabing paghahandog, at huwag dapat nating hayaan ang galit na iyon ay magpatuloy hanggang sa araw ng pagsamba dahil iyon ay araw ng panalangin at paglilingkod sa Dios.

Ang ating layunin para sa mensahe ng Panginoon sa atin ay sa ating sarili, kung may nagawa tayong isang bagay na mali o may nasabi tayong isang bagay na mali, kung nasabi natin ang Raca, o ulol nang walang dahilan, kailangan nating pumaroon at itama iyon. Maaari nating itanong sa Diyos kung ano ang dapat nating bayaran, at ano ang kailangan nating gawin, ano ang mga bagay na dapat kong bayaran? Ngunit kung ang tao ay hindi handang makipagkasundo kailangan nating lumapit sa Diyos at hilingin sa Kanya na patnubayan tayo kung paano haharapin ang gayong sitwasyon o kung ano ang kailangan nating gawin pa, at iyon ang magiging daan upang malinaw ang ating sarili sa harap ng Diyos. Ang mga bagay na ito ay kailangan ding gawin upang upang maiwasan ang karagdagang mga pagdagdag at karagdagang problema, ***"25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles." (Mateo 5:25-26 KJV)***

Kung may nagawa tayong pinsala sa iba o sa ating kapatid o sa kaninong tao sa kanyang katawan, sa kanyang mga ari-arian, o sa kanyang dangal, kailangan nating pagsikapan na makabawi siya sa ginawa nating mali at huwag hayaang ang pagigting ay tumaas. Ang isang nagpapautang ay humihingi at iginigiit sa atin na bayaran ang kailangan nating bayaran sa kanya, at dahil dito ay gumawa o gagawa siya ng mga pamamaraan tungo sa pagdadala sa atin sa harap ng isang wastong awtoridad; ang sanherdin para sa mga Hudyo noong panahong iyon ni Jesus, ang simbahan para sa Cristiano o ang awtoridad ng pamahalaan upang obligahin tayong magbayad ng kailangan nating bayaran, o upang itama ang kailangan nating itama. Samakatuwid, habang ikaw ay nasa daan sa iyong kaaway maging masunurin at itama ang iyong pagkakamali, ***"Samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom,*** ang nakatataas na awtoridad tulad ng hukuman ay pinipilit kang magbayad. Itinalaga ng Dios ang mga hukom upang harapin ang ganoong mga isyu gaya ng mababasa natin dito, ***"Maghahalal ka sa iyo ng mga hukom at ng mga pinuno sa lahat ng iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, ayon sa iyong mga lipi: at sila'y hahatol sa bayan ng matuwid na paghatol." (Deutronomio 16:18 KJV)*** Kaya naman ay sistema ng mga hukom, pamahalaan at may kapangyarihan, ipinahintulot sila ng Dios, na ipatupad ang mga tuntunin, bayarin, multa at kaparusahan upang parusahan ang mga tao kapag sila'y lumabag sa mga patakaran at kapag pinigilan nila ang karapatan ng mga tao o ng pamahalaan at gaya ng sinabi ni Jesus, ***"26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles." (Mateo 5:26 KJV)***

Ang paglabag na handog o handog ng kasalanang ay kaparusahan ng Dios na itinalaga sa mga nagkasala, at ay isang paraan upang bayaran ang mga parusa para sa mga gumawa ng mali. Ngayon kapag ang mga tao ay nagkasala, binabalewala nila, alinman na itatanggi nila ang kanilang ginawa mali, o ipapahayag lang nila o hihingin ang kapatawaran ngunit hindi pagbabayaran ang mga pinsala. Kaya naman si Jesus ay naglagay ng mga patakaran at hiniling sa mga tao na magbayad, at bayaran ang mga materyal na nawala, oras na nasayang at pagsisikap na nawala: ***"25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan." (Mateo 5:25 KJV)***

Ang simbahan ay dapat maging maingat tungol sa ganoong aral at isagawa upang ipatupad ang disiplina para pigilan ang mga tao mula sa paggawa ng mali. Ngayon ang ating mga kasalanan ay pinatawad sa pamamagitan ng dugo ni Jesus pagkatapos nating magsisi. Ngunit mayroong mga bunga at parusang ibinigay sa atin para sa makipagkasundo sa Dios at tao. Sa Lumang Tipan kapag sila'y nagkasala, handog dahil sa kasalanan handog at paglabag na handog, gaya ng mababasa natin sa ***Levitico 4-7,*** kailangan nilang maghandog ng mga hayop na mamahalin, kung saan ang dugo ay ibubuhos. * Ngayon mayroon tayong dugo ni Jesus, ngunit hindi ibig sabihin na tayo ay hindi kasali mula sa materyal na pagbabayad at materyal na pagbibigay upang gawing mabuti at ayusin ang nagawa nating mali. Dito si Cristo ay malinaw, na inutusan tayo na bayaran ang kung anong nagdulot ng pagkawala. * Marami ang nanamantala sa simbahan at sa mga kapatid at ginamit nila sila at inabuso sila, at umalis na lamang sila. Kaya't, kung ang simbahan ay hindi maninindigan para sa ganoon, ang kahatulan ng Dios ay darating at mahuhulog sa mabigat na paraan dahil sa paglaganap ng walang katarungan. Kaya naman nasasaksihan natin ngayon ang iba't ibang mga sakuna, likas na mga sakuna, lindol, digmaan, pagsabog ng mga bulkan, mga aksidente, pandemya, at ang iba pa, upang ipatupad ang kahatulan ng Dios. * Kapag ang mga may kapangyarihan na inilagay ng Dios sa lupa ay hindi gumawa ng katarungan at ipinatupad ang disiplina at ipinatupad ang mga multa at kaparusahan sa mga gumagawa ng mali sa gayon ang Dios mismo ang hahatol; sa mga gumgawa ng masama.

Kaya't kailangan nating turuan at ipaliwanag ito, at kailangan nating disiplinahin at harapin ang mga hindi tapat at sabihin sa kanila ang katuruang ito: Kapag ikaw ay nagkasala at nanakit kailangan mong bayaran ang mga

pinsala. Kaya naman makikita natin ang kahatulan ng Dios, ang sistema ng pagbabayad ng mga multa at parusa saan man at sa bawat bansa ay laganap. Bakit? Dahil wala ni isa o kakaunti ang nagmamalasakit na magturo o magbayad sa kanilang kinuha at bayaran ang mga pinasala na kanilang ginawa.

***Sa aking mahal at minamhal:*** Ito ay ating karunungan upang pigilan ang iba pang pagtaas sa pamamagitan ng pagpapakumbaba sa ating sarili sa harap ng Dios at sa Kanyang Salita at magpasakop sa Kanyang kalooban at dalhin ang kapayapaan makakapagsaya sa taong nagawan natin ng mali at sa Dios na nagkasala tayo. Kung hindi ang tao o ang Dios ay maaring bawiin ito ng batas, at ilagay tayo maging sa kulungan. Ito ay mapanganib na ilagay ang iyong sarili sa panganib at labanan ang batas ng Dios o laban sa batas ng pamahalaan dahil baka magdulot ito sa iyo ng kapahamakan sa pamamagitan ng isang hangal na katigasan ng ulo na nagpupumilit sa pagkakasala na iyong ginawa. Ang paglaban sa Salita ng Diyos, paglaban sa pamahalaan at paglaban sa simbahan na isinasagawa upang ipatupad ang Salita ng Diyos ay mapanganib at maaaring magdulot ito ng kapahamakan sa mga gumagawa nito. Sa halip na katigasan ng ulo, ang pagpapakumbaba ay magdudulot ng kapayapaan sa sitwasyon at magbibigay sa iyo ng ginhawa. Kung igiit mo ang iyong maling paggawa maaari mong mahanap ang iyong sarili sa isang kulungan, sa harap ng isang kaso ng batas, o kailangang magbayad ng isang malaking multa na kung saan ay isang hindi komportableng sitwasyon na dinala mo ang iyong sarili doon sa pamamagitan ng iyong sariling kapalaluan at kalokohan.

Panahon na para magsisi ka, magpakumbaba, magbagong isip at isaalang alang ang Kasulatan na ating pinag aralan at ipamuhay ang mga ito. Kung may mali kang ginawa o mali ang sinabi mo, kailangan mong pumunta at itama iyon, at bayaran ang mga pagkawala. Ang Diyos ay mapagtitiis, ngunit kailangan Niya kayong pumunta at makipagkasundo sa mga taong nagkamali kayo, at magbayad ng nararapat para sa inyo na bayaran.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit s aiyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa malinaw na Salitang ito na ipinakita sa akin ng malinaw ang mga bagay na aking ginawa ay mali; ang kasalanan ng galit at ang lahat ng masasamang saloobin na may kaugnayan dito.*

*Ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikuran ang lahat iyong maling gawain. Talikuran ang iyong galit kapaitan, ang iyong walang katarungan, pag aabuso, mananamantala, pagkainngit o masamang hangarin, pananakit sa iba ng salita o sa paggawa, at ang iyong makasalanang gawa ng pakikipaga way, pagkamuhi, pakikipag away, pagtsitsismis, paghihiganti, pagrereklamo, paninira, paninirang puri, pamumuna, at subukang sirain ang iba. Panginoon ipinahayag at tinalikuran ko ang sumusunod na mga kasalanan ________________________*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na sumunod sa mga utos na aking tinanggap ko ngayon mul sa iyong Salita. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na umiwas sa pakikipag away, pakikipaglaban, walang katarungan at pagmamalabis sa iba. Ipinangko ko ang aking sarili na maging mas mahinahunan at magparami ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, at mahabang pagtitiis. Panginoon handa akong yumaon upang makipagkasundo sa mga sumusunod na mga tao na nagawan ko sila ng mali ______________________. Panginoon handang akong magbayad sa mga pinsala at mga pagmamalabi na aking nagawa.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid at kapatid na babae na nagsisi at binago ang kanilang mga daan. Panginoon tulungan mo sila at pangunahan sila na makipagkasundo at gawin ang mga bagay ayn sa iyong kalooban at layunin. Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan upang ipatupad ang katarungan at harapin ang mga taong tinatrato ang iba nang walang katarungan at nagdulot ng pinsala. Panginoon dalangin naming na paging dapatin kaming ipatupad ang anumang kinakailangan sa bagay na ito na maganap sa aming buhay at ministerio sa iyo.*

*Panginoon ipinangako namin aming sarili na mabuhay ng matuwid na buhay na itinalaga mo para sa amin upang ipamuhay, na aming buhay ay maging isang mabuting halimbawa sa iba. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at manguna ka sa amin, at tulungan kami na magevangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad at magsanay ng mga manggagawa sa gayo'y ang iyong pangalan ay maluwalhati at ang iyong kalooban ay maganap sa aming kalagitnaan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Espiritu Santo ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula as sermon ni Jesus sa bundok Yugto 69. Mateo 5:23-25. 1 Timoteo 2:8. Isaias 1:15. Marcos 11:25. Epeso 4:26. Deutronomio 16:18. Levitico 4-7.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com